International
Labour
Organization







# Isang sulyap sa ILO












"Ang pangmatagalan
at pangkalahatang
**kapayapaan**
ay maitatatag lamang
kung may **katarungang
nananaig sa lipunan**."

Saligang Batas ng ILO, 1919











# ISANG SULYAP SA ILO

Ang Pandaigdigang Organisasyon sa Paggawa o International Labour Organization (ILO) ay ang ahensya ng United Nations na nakalaan para magtaguyod ng mga oportunidad ng mga babae at mga lalaki upang sila'y magkaroon ng marangal at mapagkakakitaang trabaho sa kondisyong malaya, may pagkakapantay-pantay, ligtas, at may pagkilala sa dignidad ng tao. Ang mga pangunahing layunin nito ay itaguyod ang mga karapatan sa trabaho, isulong ang mga pagkakataon para sa marangal na trabaho, pagbutihin ang proteksyong panlipunan, at palakasin ang mga diyalogo ukol sa mga usaping may kinalaman sa pagtatrabaho.

Ang ILO lamang ang ahensya ng United Nations na may tatluhang-panig o "*tripartite*" sapagkat tinitipon nito ang mga kinatawan ng gobyerno, manggagawa at nagpapatrabaho, upang sama-sama silang makapagbuo ng mga polisiya at programa.

Ang ILO ay pandaigdigang lupon na may responsibilidad sa pagtatakda at pamamahala ng mga Pamantayang Pandaigdigan para sa Paggawa. Kasama ang 179 na mga miyembrong bansa, gustong tiyakin ng ILO na ang mga Pamantayan para sa Paggawa ay iginagalang sa pamamagitan ng pagsasakatuparan nito at gayun din bilang prinsipyo.

# Nakaraan...



Ang ILO ay itinatag noong 1919, bilang bahagi ng Treaty of Versailles na tumapos sa Unang Digmaang Pandaigdig, upang bigyang buhay ang paniniwala na ang pangmatagalan at pangkalahatang kapayapaan ay matatamo lamang kung nananaig ang katarungan sa lipunan. Ang mga nagtatag ng ILO ay nakatalaga sa pagpalaganap ng mga kondisyon sa trabaho na makatao, at sa paglaban sa kawalan ng katarungan, labis na pagdurusa at kahirapan. Noong 1944, sa isa pang panahon ng pandaigdigang krisis, ang mga miyembro ng ILO ay pinanghawakan ang mga layuning ito sa pamamagitan ng pagtibay ng Deklarasyon sa Philadelphia na nagsasabing ang trabaho ay hindi ikinakalakal. Isinaad din sa Deklarasyon ang mga pangunahing karapatang pantao at karapatang pang-ekonomiya sa ilalim ng prinsipyo na "saan man naroroon ang kahirapan, ito ay banta sa pag-unlad ng kabuhayan."

Noong 1946 ang ILO ay naging unang ahensyang may espesyalisasyon na nakaugnay sa bago pa lamang naitatag na United Nations. Sa ika 50 anibersaryo nito noong 1969, ang ILO ay pinagkalooban ng karangalang Nobel Peace Prize.

Ang mabilis na pagdami ng mga bansang kabilang sa ILO sa mga dekada pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig ay nagdulot ng malaking pagbabago. Nagtaguyod ang organisasyon ng mga programa para sa pagbibigay ng teknikal na tulong upang makapagbahagi ng dunong at ayuda sa mga gobyerno, mga manggagawa, at mga nagpapatrabaho sa buong mundo, lalung-lalo na sa mga bansang hindi pa maunlad. Sa mga bansang katulad ng Poland, Chile at South Africa, ang malakas na suporta ng ILO para sa pagsusulong ng karapatan ng mga manggagawa ay nakatulong sa laban para sa kalayaan at demokrasya.


# ...at sa Kasalukuyan

Ang isa pang mahalagang petsa para sa ILO ay ang taong 1998, nang pinagtibay ng mga delegado sa Pandaigdigang Kumperensya Ukol sa Paggawa o *International Labour Conference* ang Deklarasyon para sa mga Pangunahing Prinsipyo at Karapatan sa Trabaho. Ang mga ito ay ang karapatan sa kalayaang magkapisanan, sa nagkakaisang pagsusulong ng halagang dapat kitain, at pag-aalis ng bata sa mapanganib na trabaho, sapilitang paggawa at diskriminasyon sa trabaho. Ayon sa Deklarasyon ay mahalaga na garantiyahan ang mga pangunahing prinsipyo at karapatang ito sa trabaho, dahil binibigyan nito ng kakayahan ang mga tao na "malayang angkinin, ayon sa prinsipyo ng pagkakapantay-pantay sa oportunidad, ang nararapat nilang bahagi sa kayamanang tinulungan nilang makamit at makamtan ang kaligayahang dulot ng pagbubuhos ng kakayahan bilang tao.





# Marangal na Trabaho...



Ang trabaho ay napakahalaga sa buhay ng tao. Dagdag pa sa pagbibigay ng kita, ang trabaho ay daan tungo sa mas malawak na pag-unlad sa lipunan at ekonomiya, na nagiging sanhi ng lakas sa bawat tao, sa kanilang mga pamilya at sa komunidad. Gayunman, ang pag-unlad na ito ay naka-angkla sa isang marangal na trabaho. Ang pagkakaroon ng marangal na trabaho ay kabuuan ng mga hangarin ng mga tao sa kanilang buhay. Nakapaloob dito ang mga oportunidad na nagbubunga at nagbibigay ng magandang kita, kaligtasan sa lugar ng trabaho at proteksyong panlipunan para sa mga pamilya. Ang pagkakaroon ng marangal na trabaho ay nangangahulugan ng mas magandang pagkakataon para sa pagpapaunlad ng sarili at pagiging bahagi ng lipunan; malayang pagpapahayag ng mga tao ng kanilang mga usapin, malayang pag-oorganisa at pakikilahok sa mga desisyong makakaapekto sa kanilang mga buhay. Upang makamit ito, kinakailangan ang pantay-pantay na pagtrato at oportunidad para sa lahat ng mga babae at mga lalaki.

Ang pagkakaroon ng marangal na trabaho ang siyang susi upang lubos na mawala ang kahirapan. Kung ang mga babae at mga lalaki ay magkakaroon ng marangal na trabaho, maaari silang makibahagi sa lumalagong integrasyon ng internasyonal na ekonomiya. Ang pagbibigay ng oportunidad sa mas maraming tao upang magkaroon sila ng marangal na trabaho ay napakahalagang elemento upang mas maraming makibahagi sa globalisasyon at tratuhin nitong pantay ang lahat. Kung gayon, ang paglikha ng marangal na trabaho ay dapat nasa puso ng mga polisiya para sa kaunlaran.

# ...sa isang mundong tuloy-tuloy ang Globalisasyon

Noong 2004, ang papel ng ILO sa pagsusulong ng mga istratehiya para sa globalisasyon na may pantay na pagtrato sa lahat ay pinagtibay ng ulat ng Pandaigdig na Komisyon para sa Dimensyong Panglipunan ng Globalisasyon o *World Commission on the Social Dimension of Globalization.*

Ang motibasyon sa pagtataguyod ng marangal na trabaho ay nasa kabuuan ng ILO, at kasama rito ang ginagawa ng organisasyon sa antas na pang-internasyonal, pang-rehiyon, pambansa, at pang-lokal. Sa pagtitipon sa mga gobyerno, mga nagpapatrabaho at mga manggangawa upang lumikha ng mga panuntunan sa trabaho, manguna sa pagsasagawa ng mga ito, magpalaganap ng kaalaman, magbuo ng mga polisiya, at lumikha ng mga programa, nilalayon ng ILO na siguruhing ang mga pagsisikap na ito ay nakaugat sa mga pangangailangan ng mga manggagawang babae at lalaki.

Ang ILO ay aktibong nakikipag-ugnayan sa UN at sa iba pang mga multilateral na ahensya upang magbuo ng mga programa at polisiya na susuporta sa paglikha ng mga oportunidad para sa pagkakaroon ng marangal na trabaho. Ito ang pinakasentrong programa sa mga pagsisikap na bawasan at sugpuin ang kahirapan.





# PANLIPUNANG DIYALOGO

Nakapaloob sa gawain ng ILO ang kahalagahan ng kooperasyon sa pagitan ng gobyerno at mga organisasyon ng mga nagpapatrabaho at mga maggagawa upang maisulong ang pag-unlad ng lipunan at ng ekonomiya. Ang diyalogo sa pagitan ng gobyerno at ng mga "kabalikat sa lipunan" ay nagtataguyod ng sama-samang pagbubuo ng konsensus at ng demokratikong pakikilahok ng may mga malalaking bahagi sa mundo ng trabaho.

Ang panlipunang diyalogo ay maaaring mangahulugan ng negosasyon, konsultasyon, o ng simpleng pagpapalitan ng mga opinyon ng mga kinatawan ng mga nagpapatrabaho, manggagawa, at gobyerno. Maaaring kasama rito ang usapin ukol sa ugnayang manggagawa at tagapamahala, bahagi man o hindi ang gobyerno. Ang panlipunang diyalogo ay maaaring gamitin ng mga gobyerno, at mga organisasyon ng mga nagpapatrabaho at mga manggagawa, sa pamamahala ng pagbabago upang makamtan ang mga layunin ng ekonomiya at ng lipunan.

Sa mismong istruktura ng ILO kung saan sa gawain ng mga konseho na tagapamahala, bawat kinatawan ng mga manggagawa at nagpapatrabaho ay may pantay na boses sa gobyerno, nagpapakita na ang panlipunang diyalogo ay tunay na nagaganap. Tinitiyak na ang pananaw ng lahat ng kabalikat sa lipunan ay nakapaloob at hindi nalalayo sa panuntunan, polisiya, at programa ng ILO sa pagtatrabaho.



Ang **Panlipunang Diyalogo** ay magagamit upang makamit ang kaunlaran sa ekonomiya at **pagbabago** sa lipunan

Kasabay nito, tinutulungan ng ILO ang mga gobyerno at mga kinatawan ng mga nagpapatrabaho at mga manggagawa na makapagtatag ng matibay na relasyon sa bawat isa, maiakma ang mga batas ukol sa pagtatrabaho sa pabago-bagong sitwasyon sa lipunan at ekonomiya, at mapaunlad ang administrasyon ng paggawa. Sa pagsuporta at pagpapalakas sa mga organisasyon ng mga nagpapatrabaho at mga manggagawa, tumutulong ang ILO sa paglikha ng mga kondisyon para sa epektibong diyalogo sa gobyerno at sa bawat isa.

## ANG PAMAMAHALA AT ANG PAGGAWA NG POLISIYA

Ang malawak na polisiya ng ILO ay ginawa ng Pandaigdigang Kumperensya Ukol sa Paggawa o *International Labour Conference*, ang pagpupulong na ginaganap isang beses kada taon at dinadaluhan ng mga miyembro ng organisasyon o kinatawan ng gobyerno, manggagawa at nagpapatrabaho. Pinagtitibay din ng Kumperensya ang bagong Pandaigdigang Pamantayan sa Paggawa at inaaprubahan ang plano at badyet ng ILO.

Sa loob ng mga sesyon sa Kumperensya, ang ILO ay ginagabayan ng Kumakatawang Tagapamahala nito o *Governing Body*, na binubuo ng 28 miyembro mula sa gobyerno, 14 na miyembro mula sa mga nagpapatrabaho, at 14 na miyembro mula sa mga manggagawa. Ang secretaryat ng ILO, ang Pandaigdigang Opisina sa Paggawa, ay may headquarters sa Geneva , Switzerland at may minimintenang mga opisina sa mahigit na 40 bansa.

Noong 1999, naging ika-siyam na Direktor-Heneral ng ILO si Juan Somavia ng Chile. Siya ang kauna-unahang taong namahala sa organisasyon na nanggaling sa katimugang bahagi ng mundo.



# MGA PAMANTAYAN

Mula pa noong una, sinisikap na ng ILO na tukuyin at garantiyahan ang mga karapatan ng mga manggagawa, at pagbutihin ang mga kondisyon sa trabaho, sa pamamagitan ng pagtatayo ng isang sistema ng Pandaigdigang Pamantayan sa Paggawa na nakapahayag sa anyo ng mga Kumbensyon, Rekomendasyon at mga Panuntunan sa Pagsasagawa.

Mula noon ang ILO ay nakapagtibay ng mahigit sa 180 Kumbensyon at 190 Rekomendasyon na sumasakop sa lahat ng aspeto sa mundo ng paggawa. Ang kabuuan ng mga batas na ito para sa pandaigdigang paggawa ay sinuri kailan lamang ng Kumakatawang Tagapamahala at nagsabi na mahigit sa 70 sa mga Kumbensyong pinagtibay bago noong 1985 ay napapanahon pa rin samantala ang iba ay kailangang rebisahin o tanggalin. Dagdag pa rito, dose-dosenang mga Panuntunan para sa Pagsasagawa ang nalikha. Sa iba-ibang usapin kasama na ang tungkol sa pahintulot sa pagliban sanhi ng pagdadalang-tao at panganganak at proteksyon ng mga migrante, mahalaga ang papel na ginagampanan ng mga pamantayang ito sa pagbubuo ng mga batas ng isang bansa. Sa isang proseso na may superbisyon ay sinisiguro na ang mga pamantayang niratipikahan ng mga miyembrong bansa ay maipatutupad. Nagbibigay ng payo ang ILO sa pagbuo ng pambansang batas sa paggawa.

Sa pagkalinga sa Deklarasyon ng mga Pangunahing Prinsipyo at Karapatan sa Paggawa noong 1998, nagdesisyon ang mga miyembrong bansa na ipatupad ang isang pangkat ng mga pangunahing pamantayan sa paggawa kahit hindi pa nila naratipika ang mga angkop na kumbensyon. Ito ay ang mga pangunahing karapatang pantao at ang sentrong programa tungo sa pagkakaroon ng marangal na trabaho.



Ang mga **pangunahing pamantayan sa paggawa** ay nasa sentro ng pagkakaroon ng **marangal na trabaho**

# Kalayaang magkapisanan

## Ang kalayaang magkapisanan ay batong-panulukan para sa **kaunlaran ng ekonomiya at ng lipunan**



Ang karapatan ng mga manggagawa at ng mga nagpapatrabaho na magbuo at makilahok sa mga organisasyon na kanilang pinili ay mahalagang bahagi ng isang malaya at bukas na lipunan. Ito ay pangunahing kalayaan ng tao na nagsisilbing batong-panulukan para sa kaunlaran ng lipunan at ng ekonomiya. Hindi maihihiwalay dito ang epektibong pagkilala sa Karapatan sa Kolektibong Pakikipagkasundo. Ang pagkakaroon ng boses at representasyon ay mahalagang bahagi ng pagkakaroon ng marangal na trabaho.

Ang pagkakaroon ng malayang organisasyon para sa mga manggagawa at nagpapatrabaho ay nagsisilbing pundasyon sa istrukturang tatluhang-panig o *tripartite* ng ILO, at ang pakikilahok ng mga ito sa mga gawain ng ILO at sa mga polisiya nito ay tuwiran o di tuwirang nagpapatibay sa kalayaang magkapisanan. Mula sa pagpapayo sa mga gobyerno ukol sa pagbuo ng batas para sa manggagawa hanggang sa pagbibigay ng edukasyon at pagsasanay sa mga grupo ng mga manggagawa at ng mga nagpapatrabaho, ang ILO ay kabahagi sa pagtataguyod ng kalayaang magkapisanan.

Ang Komite ng ILO para sa Pagsusulong ng Kalayaang Magkapisanan o *Committee on Freedom of Association* ay itinatag noong 1951 upang siyasatin ang mga paglabag sa mga karapatan ng mga manggagawa at mga nagpapatrabaho na mag-organisa. Ang komite ay nakapagsuri na ng mahigit sa 2,000 kaso katulad ng mga alegasyon ng pagpatay, di maipaliwanag na pagkawala, mga pananakit sa pisikal na katawan, mga pag-aresto, at sapilitang pagpapatapon ng mga opisyal ng mga grupo ng manggagawa. Ang komite ay tatluhang-panig o *tripartite* at hinaharap nito ang mga reklamo sa mga bansang miyembro ng ILO, kahit hindi pa nararatipikahan ng mga ito ang mga kumbensyon para sa kalayaan na magkapisanan.

Sa pamamagitan ng Komite para sa Kalayaan na Magkapisanan at iba pang mekanismo ng pamamahala, malimit na ipinagtatanggol ng ILO ang mga karapatan ng mga grupo ng mga manggagawa at mga organisasyon ng mga nagpapatrabaho. Sa maraming pagkakataon, ang mga organisasyong ito ay may ginagampanang mahalagang papel sa pagbabago ng kanilang bansa tungo sa demokrasya.

# Sapilitang paggawa

Tinatayang mahigit-kumulang sa 12 milyong tao sa buong mundo ay biktima ng sapilitang paggawa. Sampung milyon sa mga ito ay dumadanas ng sapilitang paggawa sa mga pribadong kumpanya, at hindi sa gobyerno. Tinataya ng ILO na may 32 bilyong dolyar (US$) ang kinikita kada taon sa pagtutulak ng mga tao tungo sa sapilitang paggawa.

May iba-ibang uri ng Sapilitang Paggawa, kasama na rito ang dahil sa pagkakautang, pagpupuslit ng tao laban sa kanilang kagustuhan, at iba pang porma ng modernong pang-aalipin. Ang mga biktima ay iyong pinakamahina – tulad ng mga batang babae na itinutulak sa prostitusyon, mga migranteng nababaon sa utang sa mga pagawaan, sa mga bukirin, at hindi makaalis dahil sa mga ilegal na taktika. Hindi rin sila pinapasuweldo, kung sinusuwelduhan man ay kulang o hindi sapat.

Mula pa nang itatag ang ILO ay tinutukan na nito ang Sapilitang Paggawa at ang mga kondisyon na nagbubunsod dito. Nakapagtatag na rin ang ILO ng isang Tanging Programa ng Pag-aksyon sa Sapilitang Paggawa o *Special Action Programme on Forced Labour* upang lalong lumakas ang panukalang ito. Sa pakikipagbalikatan sa mga manggagawa, mga nagpapatrabaho sa lipunang sibil, at sa iba pang mga organisasyong internasyonal, sinisikap ng ILO na tugunan ang lahat ng aspeto na may kinalaman sa Sapilitang Paggawa. Ang mga pagsisikap na ito ay mula sa mga panukala na itigil ang sapilitang paggawa kasama na ang paglalaan ng mga kabuhayan tungo sa pag-unlad ng komunidad kung saan nagbubuhat ang mga biktima, hanggang sa mga pagsuporta sa mga manggagawang pinalaya na. Kasama sa mga programa ang pagbibigay ng puhunan sa maliliit na negosyo o *microfinance*; at paglalaan ng mga oportunidad para sa pagsasanay at edukasyon.



Sinisikap ng ILO na **tugunan** ang lahat ng aspeto ng sapilitang paggawa

# Pag-aalis ng bata sa mapanganib na trabaho

**Sa buong mundo ay bumababa ang bilang** ng mga batang nasa mapanganib na trabaho

May mahigit sa 200 milyong bata ang nagtatrabaho sa buong mundo. Ginugugol ng karamihan sa kanila ang lahat ng oras sa pagtatrabaho. Hindi sila nabibigyan ng sapat na edukasyon, magandang kalusugan at hindi iginagalang ang kanilang karapatan. Sa kanilang lahat, 126 na milyon – o isa sa bawat 12 bata sa buong mundo ay nasa mapanganib na uri ng pagtatrabaho, mga gawaing nagbabanta ng peligro sa kanilang pangangatawan, isipan, at moral na kalagayan.

Sa nakalipas na 15 taon, namulat na ang mundo sa sapilitan at mapanganib na pagtatrabaho ng mga bata.  Isa itong usaping pangekonomiya at paglabag sa karapatang pantao na dapat unahin. Ngayon, ang bilang ng mga batang nasa mapanganib na trabaho ay unti-unti nang nababawasan sa buong mundo, at kung magpapatuloy ang kalakarang ito, ang pinakamapanganib na uri ay maaaring mawala na sa susunod na dekada. Ito ay tuwirang resulta ng isang malakas na kilusan sa buong mundo upang alisin ang mga bata sa sapilitan at mapanganib na trabaho.

Ang kilusang ito ay makikita sa mabilis na pagratipika ng mga bansa sa Kumbensyon ng ILO ukol sa Pinakamapanganib na Uri ng Pagtatrabaho ng Bata. Pinagtibay noong 1999, ang Kumbensyon na niratipikahan ng siyam sa sampung miyembro ng ILO na binubuo ng 179 na bansa. Gayundin, ang Kumbensyon ng ILO para sa Sapat na Gulang o Tamang Edad sa pagtatrabaho na pinagtibay noong 1973 ay naratipikahan na ngayon ng apat sa limang miyembro ng kabuuang bilang ng mga bansang kasapi sa ILO.

Ang ILO ay pangunahing nagsusulong sa lumalaking kilusang ito. Ang Pandaigdigang Programa para sa Eliminasyon o Pag-aalis ng Bata sa Mapanganib na Trabaho o *International Programme on the Elimination of Child Labour (IPEC)* ay inilunsad nong 1992, at ipinatutupad ngayon sa mahigit na 80 bansa. Tungkol naman sa iba pang aspeto tungo sa pagkakaroon ng marangal na trabaho, ang pag-aalis ng mga bata sa mapanganib na trabaho ay isang usapin ng pag-unlad gayon din ng karapatang pantao. Ang mga polisiya at programa ng ILO ay naglalayong tiyakin na matatanggap ng mga bata ang sapat na edukasyon at pagsasanay na kailangan tungo sa magandang kinabukasan, maging produktibo at mabigyan ng pagkakataon na magkaroon ng marangal na trabaho kapag sila ay nasa tamang gulang.



# Diskriminasyon



Daan-daang tao ang nagdurusa dahil sa diskriminasyon sa mundo ng trabaho. Hindi lamang nito nilalabag ang isang pangunahing karapatang pantao, ngunit mayroon pa rin itong malawak na ibubunga sa lipunan at sa ekonomiya. Sinasakal ng diskriminasyon ang mga oportunidad, sinasayang ang mga talento na kailangan para sa pag-unlad ng ekonomiya, at lalo pang idinidiin ang mga di pagkakasundo sa lipunan at di pagkakapantay-pantay. Ang paglaban sa diskriminasyon ay mahalagang bahagi ng pagtataguyod ng isang marangal na trabaho, at ang tagumpay sa larangang ito ay mararamdaman sa loob o sa labas man ng lugar ng trabaho.

Ang mga usaping nakapaloob sa diskriminasyon ay nasasaklaw sa kabuuang gawain ng ILO. Sa pamamagitan ng pagtataguyod sa Kalayaang Magkapisanan, halimbawa, nilalayon ng ILO na pigilan ang diskriminasyon laban sa mga miyembro ng mga grupo ng manggagawa at mga opisyal nito.

Sa mga programa bilang paglaban sa Sapilitang Paggawa at Mapanganib na Pagtatrabaho ng mga Bata ay kabilang ang mga batang babae at mga dalagang naiipit sa prostitusyon o sa panggigipit sa loob ng tahanan bilang kasambahay. Ang pagkawala ng diskriminasyon ay pangunahing Prinsipyo sa Panuntunan ng Pagsasagawa laban sa HIV/AIDS at sa mundo ng trabaho. Sa Gabay ng ILO sa Batas ng Paggawa ay may probisyon laban sa diskriminasyon.

Kasabay nito, ang pagkakapantay-pantay ng mga kasarian ay nakapaloob sa lahat ng mga gawain ng ILO. Makikita dito ang sunod-sunod at iba-ibang problema na kinakaharap ng mga babae sa merkado. Patuloy na mas maliit ang kita nila kaysa mga lalaki. Sa mga manggagawa, sila ang nangunguna at may pinakamalaking bilang sa mga mabababa ang suweldo, kakaunti ang proteksyon sa trabaho, at nasa mga sitwasyong impormal, hindi tipikal, at walang bayad. Kumikilos ang ILO upang mabigyan ng mas malawak na oportunidad sa paggawa ang mga babae, pagbutihin ang kondisyon sa kanilang mga trabaho, at alisin ang diskriminasyon laban sa kanilang kasarian. Sinusuportahan ng ILO ang mga pamumuhunan ng mga babae sa pamamagitan ng pagbibigay ng tulong sa pagpapaunlad ng kanilang negosyo, pagsasanay, pagbibigay ng dagdag na puhunan at dokumentasyon ng mga mabuti nilang nagagawa. At tinutulungan ng ILO ang mga organisasyon ng mga manggagawa na ipagtanggol at palawakin ang mga karapatan ng mga babae sa lugar ng trabaho at isulong ang kanilang papel sa mga grupo ng manggagawa at sa lipunan.

Sinasakal ng diskriminasyon ang mga oportunidad, sinasayang ang mga **talento** na kailangan para sa **pag-unlad** ng ekonomiya

# TRABAHO AT KITA

Hindi pa nagkakaroon ng ganito kalaking pangangailangan na mailagay ang **trabaho sa kalagitnaan** ng mga polisiya ng ekonomiya at lipunan

Ayon sa kasaysayan, napakataas na ngayon ng bilang ng kawalan ng trabaho sa buong mundo, hindi pa nagkakaroon ng ganito kalaking pangangailangan kung saan mailalagay ang trabaho sa kalagitnaan ng mga polisiya patungkol sa ekonomiya at lipunan. Kahit sa mga may trabaho, ang labis na kahirapan ay nagbibigay ng dahilan na magkaroon ng mas produktibo at marangal na trabaho.

Ang kabagalan sa paglikha ng mararangal na trabaho sa buong mundo ay nagbubunga ng pangangailangan sa mas makabuluhang koordinasyong internasyonal ukol sa mga polisiya para sa mga maliliit na ekonomiya o *macroeconomic*, ganoon din sa mas aktibong polisiya sa merkado ng paggawa sa antas na pangnasyonal.

Ang trabaho na malayang pinili at produktibo ay nasa pundasyon na iniatas sa ILO, at ang organisasyong ito ay nakatalaga upang magkaroon sa kabuuan ng ganap at marangal na trabaho para sa lahat.

Tinutukoy ng ILO ang mga polisiya na tutulong sa paglikha at pagmimintena ng marangal na trabaho at sapat na kita – mga polisiyang binuo sa isang kumprehensibong Adyenda Para sa Pandaigdigang Pagbibigay ng Trabaho o *Global Employment Agenda* na binuno ng mga kasapi sa ILO. Ang organisasyon ay nagsasaliksik at nakikibahagi sa mga usapang internasyonal ukol sa mga istratehiya para sa pagbibigay ng trabaho.



Binibigyan ng mahalagang pansin ng ILO ang napakaraming bilang ng mga kabataang babae at lalaki na walang trabaho – halos kalahati sa mga walang trabaho sa buong mundo ay mga kabataan. Sinisikap ng ILO na tulungan sila at ang kanilang mga gobyerno sa pamamagitan ng pagpapayo sa pagbubuo ng polisiya at pagbibigay ng pagsasanay o pasimulang trabaho.



Pinangunahan ng ILO ang pag-analisa at pag-aksyon ukol sa ekonomiyang impormal. Ang salitang ito ay ginagamit upang ilarawan ang mga trabaho na hindi sakop ng mga pormal na batas at mga mekanismo sa pagpapatupad ng mga ito. Sa maraming bansang hindi pa maunlad, mahigit sa kalahati ng mga manggagawang wala sa sektor ng agrikultura ay kabilang sa ekonomiyang impormal. Karamihan sa mga babae sa mga bansang ito ay nagtatrabaho bilang mga tindera sa kalsada. Ang impormal na trabaho ay malimit na hindi produktibo, walang kasiguruhan, mababa ang kita at ginagawa sa gitna ng mahihirap na kondisyon. Ang pagtulong sa mga nagpapatrabaho at sa mga manggagawa na lisanin ang impormal na trabaho ay nangangailangan ng malawakang istratehiya upang madagdagan ang mga kakayahan at produktibidad, mapaunlad ang pagpapatupad ng batas, at maisulong ang mga institusyon upang masuportahan ang sarili.

Ang peryodik na publikasyon ng ILO kung saan kabilang ang Mga Susing Indikasyon ng Merkado ng Paggawa o *Key Indicators of the the Labour Market* ay nag-aanalisa ng mga kalakaran at nagsasaad ng malawak na datos at istadistika.

Ang ILO ay nagbibigay ng suportang teknikal at payo mula sa pagsasanay at mga kakayahan hanggang sa maliliit na pamumuhunan o *microfinance* at pagpapaunlad ng mga maliliit na negosyo.

Nakapagbigay ito ng payo sa mga bansang nagbago mula sa pagkakaroon ng sentralisadong ekonomiya patungo sa ekonomiyang umiikot sa merkado, ukol sa pagbuo ng polisiya na may kinalaman sa pagbibigay ng trabaho, sa merkado ng paggawa, at yamang tao. Kumikilos din ang organisasyon upang isulong ang pamumuhunan na magbibigay ng maraming trabaho sa mga hindi pa mauunlad na bansa.

# Ang suweldo at iba pang kondisyon sa trabaho

Bagama't maaaring tumaas ang suweldo sa ibang bansa, mababa pa rin ito para sa maraming manggagawa at hindi sapat upang matustusan ang kanilang pangunahing pangangailangan. At kahit may mga manggagawa na nakararanas ng mas kaunti o bawas na oras ng trabaho, ang kasama nitong kawalan ng regularidad ay nagdudulot ng pag-aalinlangan na mananatili sila sa trabaho at nagbibigay ng bagong hamon na parehong maayos, mapaglaanan ng oras o mabigyang-pansin ang pamumuhay bilang may trabaho at bilang may pamilya. Ang marumi at mapanganib na kondisyon sa paggawa, na pawala nang pawala sa mga bansang mauunlad, ay nagpapatuloy pa rin sa mga bansang hindi pa maunlad. Kasabay nito, ang mga karahasan at kabigatan na kaugnay ng trabaho ay nagsisimula nang kilalanin sa buong mundo bilang mga pangunahing problema.

Ang suweldo, oras ng trabaho, organisasyon sa trabaho, kondisyon sa trabaho at pagtatama ng mga hinihingi ng trabaho at ng pamumuhay sa labas ng trabaho ay mga pangunahing elemento sa mga relasyon sa trabaho at proteksyon ng manggagawa. Ito ay mga susing naglalahad ng lagay ng ekonomiya na binibigyan ng malaking halaga at interes ng ILO. Ang mga ito ay pangunahing sangkap sa pamamahala ng mga tao, kolektibong pakikipagkasundo, diyalogo sa lipunan at mga polisiya ng gobyerno.





# PROTEKSYONG PANLIPUNAN

Karamihan sa mga babae at lalaki ay walang sapat na panlipunang proteksyon. Kinakaharap nila ang mga panganib sa lugar ng trabaho, mahinang pensyon at insurans o seguro para sa kalusugan, o kawalan ng mga ito.

Ang iba ay hindi binibigyan ng tamang panahon para magpahinga, at maraming babaeng nanganak ang walang kaukulang benepisyo kapag nasa ganitong kalagayan. Kinikilala ng Pandaigdigang Pamantayan Ukol sa Paggawa at ng UN ang panlipunang proteksyon bilang isang pangunahing karapatang pantao. Dagdag pa rito, ang maayos na pagkadisenyo ng mga sistema para sa seguridad sa lipunan na magpapaganda ng ekonomiya at magbubunga ng higit na kompetisyon. Ang ILO ay nakatalaga upang tulungan ang mga bansa na mabigyan ng panlipunang proteksyon ang lahat ng mga pangkat sa lipunan at mapaunlad ang kondisyon at kaligtasan sa trabaho.



Ang ILO ay nakatalaga upang **tulungan** ang mga bansa na **mabigyan ng panlipunang proteksyon** ang lahat ng mga pangkat sa lipunan

# Kasiguruhang Ginagarantiyahan sa Lipunan

Dalawampung porsiyento lamang ng populasyon ng mundo ang may sapat na kasiguruhang ginagarantiyahan ng lipunan, at mahigit sa kalahati ay wala nito. Makikita sa sitwasyong ito ang antas na naabot ng ekonomiya, kung saan sa mga hindi mauunlad na bansa ay mas mababa pa sa 10 porsyento ang may kasiguruhang ginagarantiyahan sa lipunan. Sa mga bansang nasa kalagitnaang antas ang laki ng kinikita, 20 hanggang 60 porsiyento ang mayroon nito, at sa mga pinaka-mauunlad na bansa, halos 100 porsyento.

Sa kasiguruhang ginagarantiyahan sa lipunan ay kasama ang kasiguruhan sa pag-iingat sa kalusugan at patuloy na pagkita lalung-lalo na sa mga kaso ng matatanda, ng mga walang trabaho, ng mga maysakit, ng mga may kakulangan sa pisikal na kakayahan, ng mga nasugatan o naaksidente sa trabaho, ng mga nanganak, o ng mga nawalan ng pangunahing kumikita sa pamilya.



Ang malasakit ng mga gobyerno, mga nagpapatrabaho, at mga manggagawa ang nagbunsod sa ILO na maglunsad ng isang "Kampanyang Global ukol sa Kasiguruhang Ginagarantiyahan ng Lipunan Para sa Lahat" o *Global Campaign on Social Security and Coverage for All* noong 2003. Isinusulong ng kampanyang ito ang mga pagsisikap ng ILO na noon pa man ay ipinatutupad na sa mahigit na 30 bansa. Kasama rito ang mga proyekto upang tulungan ang mga bansa na makapaglaan ng kasiguruhan sa antas na pang-nasyonal, at palakasin ang organisasyong nasa komunidad. Gumagawa rin ang ILO ng mahalagang pagsasaliksik upang tukuyin ang mga nagpapahina sa kasigurahan ng mga tao sa mga bansang maunlad at di maunlad.

# Migrasyong internasyonal



Halos kalahati ng lahat ng migrante at mga *refugee* sa buong mundo – o mga 86 na milyong tao – ay aktibo sa ekonomiya, may trabaho, o kung hindi man, ay nagpapatrabaho. Ang bilang ng mga migrante na nangingibang bansa upang maghanap ng trabaho at maniguro ay inaasahang tataas pa sa darating na mga dekada dahil sa kabiguan ng globalisasyon na makapaglaan ng mga trabaho at oportunidad na pang-ekonomiya. Ang mahihigpit na pagkontrol at pagpigil sa mga migrante na ipinatutupad sa mga bansang tumatanggap ay nagbunga ng maraming usapin na kailangang pagtuunan ng pansin, kasama na rito ang maraming kaso ng pang-aabuso at pagsasamantala sa mga manggagawang migrante sa mga lugar na kanilang kinaroroonan.

Ang hamon na ito ay tinitingnan ng ILO sa pagbubuo ng mga polisiya at mga kinakailangan upang mapamahalaan nang mas mahusay ang pangingibang bayan ng mga manggagawa bunsod ng kawalan ng sapat na kabuhayan upang ito ay magdulot ng positibo sa pag-unlad at paglago ng bayang pinagmulan at ng bayang pinuntahan at sa kalagayan mismo ng mga migrante.

Mahigpit ding isinusulong ng ILO ang mas epektibong batas ng bayan at mas malakas na mekanismong magtutulak dito, tulad ng mga legal na pagbabawal at mahigpit na pag-uusig laban sa mga nagsasamantala sa mga manggagawang sapilitang pinagtatrabaho. Sa pamamagitan ng pagbibigay ng impormasyon sa publiko, sinisikap ng ILO na maipakita nang maliwanag ang mga paglabag na ito sa mga karapatan ng tao at ng manggagawa.

# Kaligtasan at kalusugan

Binibigyang halaga ng ILO ang pagbubuo at pagsasagawa ng **kulturang may pag-iingat tungo sa Kaligtasan at Kalusugan** sa mga lugar ng trabaho sa buong mundo



Bawat taon, mahigit sa 2 milyong tao ang namamatay sa mga aksidente o sa pagkakasakit sa trabaho. Sa konserbatibong pagtataya, mayroong mga 270 milyong aksidente na kaugnay ng pagtatrabaho, at 160 milyong kaso ng mga pagkakasakit sa trabaho.

Ang kaligtasan sa trabaho ay malaki ang pagkakaiba sa bawat bansa, ekonomiya at mga pangkat sa lipunan. Ang pagkamatay at pagkasugat ay pinakamarami sa mga bansang hindi mauunlad, kung saan ang malaking bilang ng mga tao ay nasa mapanganib na trabaho tulad ng agrikultura, konstruksyon, pagpuputol ng kahoy, pangingisda, at pagmimina. Sa buong mundo, ang pinakamahirap at kalimitang hindi nabibigyang proteksyon ay ang mga babae, mga bata, at mga migrante – na labis na naapektuhan.

Kung titingnan ang mga nagawa ng mga mauunlad na bansa upang mabawasan ang matinding pagkasugat o aksidente sa trabaho, malinaw na may magandang ibubunga ang pagpapaunlad ng kaligtasan at kalusugan ng mga manggagawa. Gayunman, kulang ang kaalaman, karunungan, at impormasyon tungkol sa isyung ito. Pinupunan ng ILO ang kakulangang ito sa pamamagitan ng pagsasaliksik, adbokasiya, at pagbibigay ng teknikal na tulong. Ginagabayan nito ang mga bansa sa pagbuo ng mga kinakailangan sa pamamahala, mga serbisyo para sa pagbabantay at pagbibigay ng impormasyon, na may pagtutok sa mga delikado o mapanganib na trabaho.

Binibigyang halaga ng ILO ang pagbubuo at pagsasagawa ng kulturang may pag-iingat tungo sa Kaligtasan at Kalusugan sa mga lugar ng trabaho sa buong mundo.

# HIV/AIDS



Sa maikling panahon lamang, ang mabilis na pagkalat ng HIV/AIDS ay naging isa sa mga pinakakritikal na isyu sa lugar ng trabaho sa ating panahon. Kulang-kulang na 40 milyong tao na kabilang sa edad o gulang ng nagtatrabaho ang may HIV at ang puwersa ng manggagawa sa buong mundo ay nawalan ng tinataya sa 28 milyong manggagawa dahil sa AIDS mula nang magsimula ang epidemyang ito may 20 taon na ang nakalipas.

Dagdag pa sa kalunos-lunos na epekto ng epidemyang ito sa mga babae, mga lalaki at sa kanilang pamilya, naapektuhan nito ang mundo ng trabaho sa maraming bagay. Halimbawa, ang diskriminasyon sa mga taong may AIDS ay nagbabanta sa pangunahing karapatan sa trabaho, at nababawasan ang  pagkakataon para magkaroon ng marangal na trabaho ang mga tao.

Bilang suporta sa mga konsultasyon sa pagitan ng mga gobyerno, mga nagpapatrabaho, at mga manggagawa, pinagtibay ng ILO noong 2001 ang Panuntunan ng Pagsasagawa ukol sa HIV AIDS at ang Mundo ng Trabaho o *Code of Practice on HIV/AIDS and the World of Work*.

Ang paunang Panuntunang ito ay dinisenyo upang tulungan na huwag nang kumalat pa ang HIV/AIDS habang pinamamahalaan at ginagawan ng paraan upang mapagaan ang epekto nito sa lugar ng trabaho. Kasama sa mga susing Prinsipyo ng Panuntunang ito ang kawalan ng diskriminasyon, pagkakapantay-pantay ng karapatan ng mga kasarian, isang malusog na kapaligiran para sa pagtatrabaho, walang pagsusuri kung may HIV bilang kinakailangan para lang matanggap o makakuha ng trabaho, pagiging kumpidensyal at ang pagpapatuloy ng kaugnayan sa trabaho. Habang tumatagal, higit na nagiging batayan ng mga nagpapatrabaho at mga grupo ng mga manggagawa ang Panuntunan hinggil sa pangangasiwa at mga usapin tungkol sa HIV/AIDS sa mundo ng trabaho.
























Pandaigdigang Organisasyon sa Paggawa
Opisinang Subrehiyonal para sa
Timog-Silangang Asya at Pasipiko

International Labour Organization
Subregional Office for South-East Asia and the Pacific
19th floor Yuchengco Tower RCBC Plaza
6819 Ayala Avenue, Makati City 1200 Philippines
Telephone: +63 2 580 9900
Fax: +63 2 580 9999
Email: manila@ilomnl.org.ph
www.ilo.org/manila

International Labour Organization
Department of Communication and Public Information
4, route des morillons
CH-1211 Geneva 22
Switzerland
Telephone: +41 22 799 7912
Fax: +41 22 799 8577
Email: communication@ilo.org
www.ilo.org







978-92-2-820472-8
12/2007
Photos © ILO . Design www.paprika-annecy.com